

News

2017 Summer
Edition

No.88

Tagalog

Magasin ng Multilingual na Impormasyon

Nilalaman

- P.1 Gabay para sa deadline ng pagbabayad ng city tax; Gabay sa Tax Consultation Counter sa araw ng piyesta opisyal.
- P.2 Physical Measurement ng mga sanggol(baby measurement day); 5-month old Child Health Plaza;Health Consultation ng mga batang edad 1 taon.
Child Health Consultation para sa 2 taon at 3 buwang gulang na bata at toothbrushing lecture; Teeth and Mouth Health Center.
- P.3 Tiyakin ang pagtatakip ng net sa Kanen Gomi (Burnable Garbage)
Gokinjousan~(Ang kapitbahay) Harita Misako
- P.4 Tour Information; Gabay mula sa Inuyama Japanese Class
- P.5 Pagpapakilala ng Peru Cuisine
- P.6 List of Emergency Clinics

1 Gabay para sa deadline ng pagbabayad ng city tax (Heisei 29,July~ Heisei 29,September)

Subject Deadline	Property Tax	City Tax· Prefectural Tax	Nat'l Health Insu rance Tax	Long-term care insurance premium	Geriatric Medical Insurance Premium
July 31	2 nd term		2 nd term	4 th term	
August 31		2 nd term	3 rd term	5 th term	1 st term
October 2			4 th term	6 th term	2 nd term

Ating tuparin ang pagbabayad ng buwis
sa mga itinalagang petsa para dito!

2 Gabay sa Tax Consultation Counter sa araw ng piyesta opisyal

Bukas ang mga consultation counter para sa pagbabayad, konsultasyon atpagb ibigay ng sertipikasyon ng buwis sa araw ng holiday.

Para sa mga gustong kumonsulta ng tungkol sa buwis mangyaring makipag-ug nayan sa

Shuunou-ka (Payment Division)at humiling ng appointment.

▼Saan: 1st Fl. ng Munisipyo, Shuunou-ka Counter.

▼Kailan: Tuwing ika-2 at ika-4 na Linggo ng buwan, alas-9:00 A.M.~tanghali.

Para sa mga katanungan: Inuyama City Hall Shuunou-ka ☎(0568)44-0317



● Physical Measurement ng mga sanggol(baby measurement day)

Kailan			
Hulyo 12, Miyerkules	Agosto 9, Miyerkules	Setyembre 13, Miyerkules	Oktubre 11, Miyerkules

Para sa : Mga sanggol na edad 0 buwan~4 na buwan na tatanggap pa lamang ng Child Health Examination

Detalye: Height (length)/ Weight measurement

Oras ng tanggapan: Alas-10:30 ~ alas-11:30 ng umaga

Dapat dalhin: *Boshi kenkou techou* (Mother & child health book)

● 5-months old Child Health Plaza (May lecture din tungkol sa Baby Food)

Kailan			
Hulyo 19, Miyerkules	Agosto 16, Miyerkules	Setyembre 20, Miyerkules	Oktubre 18, Miyerkules

Para sa: 4 na buwang sanggol na nakatanggap na ng Child Health Examination

Detalye: *Oyako fureai asobi* (magkasamang maglalaro ang magulang at anak), *Rinyuushoku no hanashi* (talakayan hinggil sa baby food), *E-hon no yomikikase* (story telling gamit ang picture books), *Ikuji Soudan* (konsultasyon hinggil sa pagpapalaki ng anak), atbp.

Oras ng tanggapan: Alas-10:15~ alas-10:30 ng umaga Dapat dalhin: *Boshi kenkou techou*

● Health Consultation ng mga batang edad 1 taon

Para sa ipinanganak ng:	Kailan	Para sa ipinanganak ng:	Kailan
Ipinanganak Hulyo 2016	Hulyo 26, Miyerkules	Ipinanganak Agosto 2016	Agosto 23, Miyerkules
Ipinanganak Setyembre 2016	Setyembre 27, Miyerkules	Ipinanganak Oktubre 2016	Oktubre 25, Miyerkules

Detalye: *Shintai Keisoku* (Physical measurement), *Oyako fureai asobi* (magkasamang maglalaro ang magulang at anak), *Shoku seikatsu ya ha ni tsuite no hanashi* (talakayan hinggil sa tamang pagkain at ngipin), *Ikuji Soudan* (konsultasyon hinggil sa pagpapalaki ng anak).

Oras ng tanggapan: Alas-9:20~ 9:45 ng umaga Dapat dalhin: *Boshi kenkou techou*

● Child Health Consultation para sa 2 taon at 3 buwang gulang na bata at toothbrushing lecture

Para sa ipinanganak ng:	Kailan	Para sa ipinanganak ng:	Kailan
Ipinanganak Abril 2015	Hulyo 20, Huwebes	Ipinanganak Mayo 2015	Agosto 24, Huwebes
Ipinanganak Hunyo 2015	Setyembre 28, Huwebes	Ipinanganak Hulyo 2015	Oktubre 26, Huwebes

Detalye: *Shintai keisoku* (Physical measurement), *shika kenshin* (dental check-up), brushing instructions, *fukkabutsu tofu* (fluoride coating), *somedashi* (pagkukulay ng ngipin), *Ikuji Soudan* (konsultasyon hinggil sa pagpapalaki ng anak).

Oras ng tanggapan: Ito ay sasabihin sa inyo sa araw ng inyong pagkuha ng reserbasyon.

Dapat dalhin: *Boshi kenkou techou*, toothbrush, cup

Atbp: Kinakailangang kumuha ng reserbasyon. 1 buwan bago ang araw ng event ay tatanggap na ng reserbasyon. Upang matiyak kung nalinis na mabuti ang ngipin pagkatapos mag-sipilyo, papahiran ang ngipin ng pulang likido kung kaya naman hinihiling na magdala ng apron at tuwalyang pamunas.


● Teeth and Mouth Health Center (Lugar: Shimin kenkou-kan SARA/ SAKURA)

Para sa: Mga residente ng lungsod Detalye: *Shika kenshin* (Dental check-up), *Fukkabutsu Tofu* (fluoride coating; para sa mga batang wala pang 12 anyos).

Araw at oras ng implementsayon: Oktubre 1, Linggo; alas-9:00~12:00 ng tanghali; hindi kailangan ang reserbasyon

Tiyakin ang pagtatakip ng net sa Kanen Gomi (Burnable Garbage)

Ilagay ang kanen gomi (burnable garbage) sa itinalagang supot bago mag-alas-8:00 ng umaga at takpan ng net. Kung ilalagay lamang sa ibabaw ng net at hindi ito tatakpan, ikakalat ito ng uwak at pusang ligaw. Bukod sa pinagmumulan ito ng kaguluhan sa trapiko, ito din ay nakakasira ng kagandahan ng bayan. Upang maiwasan ang mga ito, tiyakin nating matatakpan ng maayos ng net ang ating itinapong basura bago natin ito iwanan.



<Basurang itinapon ng uwak>

Para sa mga katanungan: Inuyama City Hall

Para sa mga katanungan: Inuyama City Hall Environment Division ☎ (0568)44-0344

Gokinjousan (Ang kapitbahay)

Panayam (Harita Misako)

Aming ipapakilala sa araw na ito si Gng. Mariko

Harita na nakatira sa Nishi Koken, Inuyama City.

Magandang araw, si Mariko Harita po ito.

5 taon na simula nang ako ay lumipat sa Inuyama City mula sa Nagoya.

Dati akong nagtrabaho sa isang NPO group bilang educational supporter at nihongo instructor ng mga banyagang mag-aaral.

Magpahanggang ngayon ay ginagawa ko pa din ang maging Nihongo supporter at ang translation.

Ang wikang ginagamit ko sa translation ay Chinese, ako ay kaisa na sa pagsasalin sa wikang Intsik ng Inuyama News Letter mula pa noong ika-68 na publikasyon nito.

Nagsimula akong mahasa sa wikang Chinese nang makita ko sa flyers ang Minkan Gogaku Club (citizen language) na nangangalap ng estudyante para sa kanilang language course., sinubukan ko din maging volunteer staff sa Aichi Expo at doon ko naramdaman ang saya ng pakikihalubilo sa iba't-ibang tao mula sa iba't-ibang nasyon. Doon ko naisip na gusto ko pang paghusayin ang aking kakayahan sa pagsasalita ng Intsik.

。Noong panahon na iyon, nag-aral ako sa 1x/week class, at ginamit ko ang telebisyon at radio para matuto ng wikang ito. Noong bata pa ako, madalas kong napapakinggan ang balita tungkol sa ibang bansa.。Hindi ko rin naman naranasan ang mag-aral o manirahan sa China. Ngayon ay may smart phone na, madali na nating malalaman ang kahit na anong balita mula sa iba't-ibang parte ng mundo.

Madaling makalimutan ang natutunang wika kung hindi natin ipagpapatuloy ang pag-aaral nito. Kung kaya naman mahalagang maglaan tayo ng oras para sa pagri-review. Kahit ngayon ay gusto ko pa ring matuto ng ibang wika. Kung magkakaroon ng pagkakataon, gusto ko uli magsulat ng isang artikulo. Paalam.



Tour Information

Inuyama Summer Campaign	Kisogawa Long Run Hanabi
Kailan: Mula Agosto 1, Martes ~ Agosto 31, Huwebes Lugar: Inuyama Jokamachi Ittai Para sa mga katanungan: Inuyama Tour Guide Office ☎ (0568)61-6000 Detalye: Kung mamamasyal sa Joukamachi nang nakasuot ng Yukata, maraming special gifts ang maaaring matanggap at mayroon din naming mga events na tiyak na ikasisiya ng lahat.	Kailan: Mula Agosto 1, Martes ~ Agosto 9, Miyerkules; Alas-7:50 ng gabi ~ Lugar: Kisogawa Kahan Bayad: Libre Kapag na-kansel: Zousuiji, Kisogawa Para sa mga katanungan: Inuyama Kankou Annai-sho ☎ (0568)61-6000 Detalye: Mula sa ibabaw ng bangka ay tatanawin ang nagagandang fire works na ang background ay ang popular at tinaguriang National Treasure ng bansa na Inuyama Castle.
38 th Japan Line Summer Festival Nouryou Hanabi Competition	Kisogawa Ukai (cormorant fishing)
Kailan: Agosto 10, Huwebes; Alas-7:30 ~ Lugar: Kisogawa Kahan Bayad: Libre (viewing seat w/ charge- 1,500 yen) Kapag na-kansel: Papalitan ng Long Run Hanabi. Para sa mga katanungan: Inuyama Kankou Annai-sho ☎ (0568)61-6000 Detalye: Mula sa ibabaw ng bangka ay tatanawin ang nagagandang 3,000 fire works na ang background ay ang popular at tinaguriang National Treasure ng bansa na Inuyama Castle. Limitado ang trapiko sa araw na ito kung kaya naman ipinapayong gumamit ng public transportation.	Kailan: Sa kasalukuyan ~ Oktubre 15, Linggo Hiru ukai - mula alas-11:30 ng tanghali. Yoru ukai - mula alas-5:45 ng gabi. Lugar: Kisogawa Kahan Bayad: Adulto: 2,600 yen~; Bata: 1,300 yen~ Kapag na-kansel: Agosto 10, Huwebes / Zousuiji Kisogawa Para sa mga katanungan: Kisogawa Kankou Kabushiki Gaisha ☎ (0568)61-2727 Detalye: Ang mga mangingisda habang nakasakay sa kanilang mga bangka ay uutusan ang mga ibong UKAI upang manilo ng mga isda. Saksihan ang lumang tradisyon ng pangangisda na nagsimula 1,300 taon na ang nakalipas at patuloy na isinasagawa hanggang sa kasalukuyan. Ang UKAI sa tanghali ay popular dahil sa masasaksihan ito sa maliwanag na oras.

Gabay mula sa Inuyama Japanese Class

Gusto mo bang mag-aral ng nihongo

Nais mo bang mag-aral ng Nihongo kasama ang mga kaibigan at volunteer teachers? Malugod naming inaanyayahan kahit ang hindi pa marunong ng wikang ito ! Para sa mga nahihirapan dahil hindi makapagsalita ng wikang hapon, kayo at tuturuan katulad ng pagtuturo sa regular na eskuwelahan. Nakakaramdam ba ng pag-aalala sa pamumuhay dito sa bansa? Halimbawa sa oras ng lindol o sunog, kaya mo kayang makipag-usap sa ibang tao? Para sa mga taong gustong matuto ng kaugalian, kultura at tradisyon ng bansa, ang kursong ito ay para sa inyo. Maaari kayong bumisita, silipin ang aming silid-aralan at subukang makiisa sa aming aralin.

Kailan: Tuwing Linggo, alas-10:00~alas-11:45 ng umaga

Lugar: Inuyama Kokusai Kankou Center (Froide) Inuyama-shi, Matsumoto-cho, 4-21.

Lesson fee: 500 yen/ month, kokolektahin ang bayad sa unang araw ng klase. Kahit mag-umpisa sa kalagitnaan ng buwan sa pagpasok, buo pa din ang sisingiling lesson fee. Mayroong 4 na klase sa kursong ito.

Para sa mga katanungan: Inuyama Kokusai Kouryuukai- Jimukyoku ☎ (0568)61-1000

※Walang klase sa mga araw ng Lunes~Biyernes, mula alas-9:00~5:00 ng hapon; Sabado at Linggo ng Piyesta Opisyal, ika-2 at ika-4 na Lunes.

<Pagpapakilala ng Peru Cuisine>

Pagkain: Tallarin Verde (Spinach & Basil Pasta)

Ang resiping ito ay hatid sa atin ni Gng. Rosa Nakamura na nakatira sa Nishi Kitano Gakuden, Inuyama-shi. Ang Tallarin Verde (Spinach & Basil Pasta). Ang “tallarin” ay pasta at ang “verde” naman ay berde ang ibig sabihin. Ang pagkaing ito ay paborito ng lahat mapabata o mapamatanda sa bansang Peru. Bagama’t may pagkakahawig ito sa Genovese sauce ng Italia, ang kombinasyon ng basil at spinach ang naging pagkakaiba nito. Ito ay madalas na iniluluto bilang pabuya sa mga bata kapag sila ay nag-aral mabuti ng kanilang leksiyon o kaya nama’y tumulong sa gawaing bahay. Madalas na ito ang kanilang hiling kapag nagtanong ang mga ina kung ano ang gusto nilang kainin. Bakit hindi natin subukang magluto nito upang sipagin gumawa ng takdang-aralin ang ating mga anak?

**Ingredients: (4 na tao)**

- Spaghetti	500 g
- Olive oil	4 Tbsp. (pang-mixer ang 2 Tbsp., panggisa ang 2 Tbsp.)
- butter	100 g
- Spinach	100 g (dahon lamang)
- Basil	100 g
- Chicken consommé cubes	2 pcs.
- asin	5 g
-paminta	5 g
-Parmesan cheese	20 g
-Bawang	10 g (dinikdik)

**Pagluluto:**

- ① Hugasan ang dahon ng spinach at basil, ilagay at gilingin sa mixer o food processor kasama ang 2 Tbsp. olive oil (o salad oil).
- ② Pakuluan ang pasta at salain pagkatapos.
- ③ Igisa ang dinikdik na bawang sa 2 Tbsp. olive oil (o salad oil), at kapag tustado na ang bawang, ihalo ang spinach-basil mixture, chicken consommé cubes, asin at paminta.
- ④ Pakuluan hanggang sa konti na lang ang sabaw, ihalo ang butter.
- ⑤ Ihalo sa nalutong sauce ang pasta, haluin, at hanguin, ihalo ang parmesan cheese at tikman.
- ⑥ Dagdagan ng asin at paminta ayon sa inyong panlasa.

Tandaan:

☆Ang paghahalong mabuti ng pasta sa nalutong sauce ang higit na nagpapasarap sa lutuing ito.

※Sa bansang Peru, ito ay kinakain kasama ang fried chicken o steak, Milano style chicken cutlets, atbp.

List of Emergency Clinics

Emergency Clinic for Sundays and Public Holidays (day-time)

▼ Place: Inuyama City Holiday Emergency Clinic

Add: 1-70, Goromaru Higashi, Inuyama City ☎(0568)62-8100

▼ Reception hours: 8:30 a.m.- 11:30 a.m. (Consultation starts at 9:00 a.m.)
1:30 p.m.- 4:15 p.m. (Consultation starts at 2:00 p.m.)

Emergency Clinic (night-time)

▼ Place: Please see the following list of duty clinics

▼ Consultation hours: 5:00 p.m.- 8:00 p.m.



■ For more information, contact the Inuyama City Hall's Health Promotion Section (Shimin Kenko Kan)

☎(0568)63-3800

Date		Internal Medicine			Surgery		
M	D	Name Medical Institution	TEL	Location	Name of Medical Institution	TEL	Location
7	2	Yui Family Clinic	68-3311	Gakuden	Funabiki Clinic	62-8811	Jyouto
	9	Okabe Iin	62-7121	Inuyama	Satoshi Ganka Clinic	68-3104	Haguro
	16	Ituki Clinic	62-3101	Inuyama	Takeuchi Seikeigeka Clinic	61-7311	Inuyama
	17	Kurokawa Sukoyaka clinic	61-0083	Inuyama	Niwa Jibiinkoka	67-6868	Haguro
	23	Itatsu Naika Clinic	67-6333	Gakuden	Kobayashi Jibiinkoka	61-3154	Inuyama
	30	Miyata Iin	67-5566	Haguro	Takeuti Hifuka Clinic	62-7511	Inuyama
8	6	Heart Clinic Sawada	62-5556	Inuyama	Takuya Seikeigeka	69-1800	Gakuden
	11	Inuyama Eki Nishi Byoin	61-2017	Inuyama	Matumura Clinic	61-1488	Inuyama
	13	Sumire Naika Clinic	68-0025	Gakuden	Kobayasi Ganka	62-7278	Inuyama
	20	Jyonan Clinic	61-0132	Inuyama	Ishihara geka	62-2855	Inuyama
	27	Murakami Naika	62-2201	Inuyama	Mother Clinic Happiness	63-4103	Jyoto
9	3	Ando Iin	61-0316	Inuyama	Miyata Ganka	61-0200	Inuyama
	10	Ando Clinic	62-8881	Jyoto	Sato Byoin	67-7660	Haguro
	17	Yoshida Naika Clinic	62-9222	Inuyama	Kawamura Seikeigeka	67-1134	Gakuden
	18	Miyazaki Seikeigeka Geka • Naika	68-0461	Haguro	Kuwabara Clinic	61-1118	Jyoto
	23	Midori Shinryojo	67-3311	Haguro	Yamamoto Hifuka Clinic	62-6855	Inuyama
	24	Kimura Naika	67-0008	Haguro	Funabiki Clinic	62-8811	Jyoto

Inuyama NewsLetter Published by Inuyama City Hall

〒484 - 8501 Aichiken Inuyamashi Oaza Inuyama Aza Higashihata 36

Edited by Inuyama International Association

〒484 - 0086 Aichiken Inuyamashi matsumotocho4-21 Inuyama International Tourism Center 『Freude』

TEL : (0568) 61-1000 FAX : (0568) 63-0156 E-mail : iaa@grace.ocn.ne.jp HP : <http://iiea.info>

Staff : (English) Kusakabe Kazuro, Uchimura Hidetomo, Shibata Atsuyuki, Yasumura Megumi, Emanuele Ito, Lesley Walter, Tanaka Miki, Nakamura Yoriko, Elder McColm, Elder Cardon
(Spanish) Carlos Tawara, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Hishikawa Chiduko, Kuwagaki Michelle
(Portuguese) Marcos Yara, Terano Hide, Bruno Sueishi, Lucimare Terada, Edison Kakiyara
(Chinese) Wu huixing, Ma xianyuan, Harita Misako, Fukuta kazue, Takamori Yuko
(Viet-Nameese) Ngo Thi Thuy, Dinh Trong Dinh, Nguyen Duy Lap, Pham Cong Phong